



Government imposter scams

Mga impostor na scam ng gobyerno

Abogado, Dibisyon para sa Mamimili at Edukasyon sa Negosyo

Nakakuha ka ng text, tawag, o email mula sa isang taong nagsasabing mag kaugnayan sila sa gobyerno. Maaari nilang sabihing sila ang U.S. Marshal, na sinasabing dapat mong bayaran ang multa sa pagkaligta sa jury duty. O ang IRS, na nagsasabing may utang ka sa kanilang libu-libong dolyar sa mga hindi nabayaranang buwis. Maaari kang takutin ng ilan ng legal na aksyon, deportation, o pag-aresto kung hindi ka magbabayad o magbibigay sa kanila ng pampinansyal na impormasyon.

Sa ibang mga pagkakataon, mukhang hindi naman sila nakakatakot at mukha lang iyon ang iyong masuwerteng araw. Ang tawag, text, o email ay magsasabi sa iyong may napanalunan kang premyo, loterya, o isang gawad — pero kailangan mong magbayad ng mga fee o buwis para makuha ang mga napanalunan mo.

Mga scam ang lahat ng ito. Susubukan ng mga scammer na pagmukhaing lehitimo ito. Maaari ka nilang bigyan ng badge number, o kaya ay alam ang impormasyon gaya ng huling apat na numero ng iyong Social Security number. Maaaring makapagkumbinsi ang isang area code sa Washington, D.C. sa iyong caller ID. Pero maaaring mapeke ang caller ID.

Kung may tumawag, nag-text, o nag-email na nagsasabing sila ay may kaugnayan sa gobyerno at dapat kang magbayad, tumigil.

- Huwag na huwag magpadala ng pera — lalo na ng gift card, cash reload card, o money transfer. Walang ahensya ng gobyerno ang mananakot sa iyo o sasabihan kang magbayad sa ganitong paraan.
- Huwag ibigay ang iyong personal o pampinansyal na impormasyon sa sinumang tumatawag, nag-te-text, o nag-i-email.
- Kung nagpadala ka ng pera sa impostor ng gobyerno, kontakin ang kumpanyang madalas mong padalhan ng pera (kumpanya ng gift card, kumpanya ng cash reload card, o serbisyo ng wire transfer) at sabihin sa kanilang pekeng transaksyon iyon. Hilinging mapawalang-bisa ang transaksyong iyon kung maaari.
- I-report ito sa FTC sa [FTC.gov/complaint](https://www.ftc.gov/complaint).

Hulyo ang Buwan para sa Militar na Mamimili. I-share ang video na ito at tulungan ang mga militar na pamilyang maiwasan ang mga impostor ng IRS at gobyerno.